# Cheat Sheet para sa iPhone SMART Phone




https://www.att.com/device-support/devicediagram/Apple/iPhone11ProMax

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng iyong iPhone:**
https://support.apple.com/guide/iphone/welcome/ios
https://www.att.com/device-support/index/Apple/iPhone11/

# Cheat Sheet para sa iPhone SMART Phone

### 15 Icon sa iPhone na Dapat Mong Malaman

May mga karaniwang icon ang karamihan ng mga smart phone at ang mga app sa mga ito. Kumikilos ang mga simbolong ito bilang mga button sa touchscreen: Mag-tap ng icon para makapagsagawa ng partikular na gawain o pagkilos. Hindi masyadong nagbabago ang mga icon sa iba't ibang app na ginagamit mo. Ipinapakita rito ang mga pinakakaraniwang icon.

| Icon | Pangalan | Ang ginagawa nito |
|---|---|---|
|  | **Overflow ng Pagkilos** | Nagpapakita ng listahan ng mga pagkilos, na katulad ng isang menu. |
|  | **Magdagdag** | Nagdaragdag o gumagawa ng item. Puwedeng gamitin ang plus symbol (+) kasama ng iba pang simbolo, depende sa app. |
|  | **Isara** | Nagdi-dismiss ng card o nagki-clear ng text mula sa isang field para sa pag-input. |
|  | **I-delete** | Nag-aalis ng isa o higit pang item mula sa isang listahan, o nagde-delete ng mensahe. |
|  | **Pagdidikta** | Nagbibigay-daan sa iyong gamitin ang iyong boses para magdikta ng text. |
|  | **Tapos na** | Ipinapakitang nakumpleto na ang isang pagkilos. |
|  | **I-edit** | Nagbibigay-daan sa iyong mag-edit ng item, magdagdag ng text, o kumumpleto ng mga field. |
|  | **Gawing paborito** | Nagfa-flag ng paboritong item, gaya ng contact o web page. |
|  | **I-refresh** | Kumukuha ng bagong impormasyon o nagre-reload. |

## Cheat Sheet para sa iPhone SMART Phone

| | | |
|---|---|---|
| | **Maghanap** | Naghahanap ng ilang impormasyon sa telepono o internet. |
| | **Mga Setting** | Nagsasaayos ng mga opsyon para sa isang app. |
| | **Ibahagi** | Nagbabahagi ng impormasyong naka-store sa telepono sa pamamagitan ng email o social networking o iba pang serbisyo sa Internet. |
| | **Microsoft Teams** | App sa pakikipagkumperensya gamit ang video |
| | **Doxy.me** | Website sa pakikipagkumperensya gamit ang video |
| | **Zoom** | App sa pakikipagkumperensya gamit ang video |

# Cheat Sheet para sa iPhone SMART Phone

## 9 na Paggalaw ng Daliri para sa Pag--operate sa Touchscreen ng iPhone

- Pagdidikta! Puwede kang magsalita sa telepono bilang epektibo at mabilisang alternatibo sa paggamit sa onscreen na keyboard.
- Mabilisang magpalipat-lipat sa mga nakabukas na app sa pamamagitan ng pag-swipe pataas mula sa ibaba ng screen.
- Puwede kang magdagdag ng mga widget sa mga page ng Home screen. Puwede mo ring alisin ang mga widget na hindi mo ginagamit.
- Kung posible, gamitin ang koneksyon sa Wi-Fi Internet ng telepono para hindi magkaroon ng mga surcharge sa mobile data.
- Pumindot nang matagal sa isang key sa onscreen na keyboard para makakita ng mga alternatibong character.
- Ibuka ang iyong mga daliri para mag-zoom sa isang web page, na mas nagpapadali sa pag-click ng mga link.
- Mabilisang ilagay ang telepono sa silent mode sa pamamagitan ng pagpindot sa pababang Volume key hanggang sa mag-silent ang telepono.
- Kapag ginagamit mo ang telepono, pindutin ang Button sa Gilid (nasa kanang bahagi ng telepono) para i-lock ang telepono at i-off ang touchscreen.
- Mag-swipe pakanan sa iyong Home Screen para ma-access ang search bar. Gamitin ang Search bar (Bar para sa paghahanap) para maghanap ng mga bagay-bagay sa telepono, Internet, o isang partikular na app.

Ang impormasyon sa dokumentong ito ay iniangkop mula sa:
https://www.dummies.com/consumer-electronics/smartphones/droid/android-phones-for-dummies-cheat-sheet/